	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	PC 2020-0005
	Title	Premium Contribution Schedule in the National Health Insurance Program (NHIP) Pursuant to R.A. No. 11223 Known as the “Universal Health Care Act” (Revision 1)

Tanong	Sagot
Ano ang Legal na basehan ng Circular na ito?	Isinasaad sa Section 11, Article XVIII on Social Justice and Human Rights of the Constitution at binigyang-diin sa Article 1 ng Republic Act No. 7875, na inaamyendahan ng R.A. No. 10606 at R.A. No. 11223 na tinatawag na Universal Health Care Act na magkaroon ng isang programa para pangalagaan ang kalusugan ng lahat ng Filipino at makinabang sa malawakang de-kalidad na serbisyong pangkalusugan. Layunin din na matulungan ang mga Filipinong walang kakayanan magbayad sa ospital o tustusan ang kanilang pangangailangan sa pangkalusugan (Section 5, Article III of R.A. No. 7875).
Bakit kailangan itaas ang kontribusyon sa PhilHealth?	Ang pagtaas ng kontribusyon sa PhilHealth ay itinadhana sa Universal Health Care Act (UHC) para mapanatili, madagdagan at mapabuti ang mga benepisyong pangkalusugan ng miyembro kasabay ng patuloy na paglaki ng populasyon at para maibigay ang kaukulang pangangailangan ng bawat Filipino pagdating sa tamang pangangalaga sa kalusugan.
Sino-sino ang mga sakop ng Circular na ito?	Sakop ng Circular ang lahat na may kakayahang magbayad ng premiums tulad ng mga miyembrong nagtatrabaho sa pribado man o pampublikong ahensya, seamen, kasambahay, doctor, abogado, artista, pintor, at lahat ng mga Filipinong nagtatrabaho at naninirahan sa ibang bansa kabilang ang kanilang mga kwalipikadong dependents.
Sino-sino ang mga kwalipikadong dependents?	<p><i>Ang mga sumusunod ay maaaring makinabang sa programa ng PhilHealth bilang mga dependents:</i></p> <ul style="list-style-type: none"> a) <i>Legal na asawa na hindi aktibong miyembro;</i> b) <i>Mga legitimate, illegitimate, legitimated, legally adopted or stepchildren na hindi pa kasal at walang trabaho na 20 taon gulang pa lamang o pababa;</i> c) <i>Foster children alinsunod sa RA10165 (Foster Care Act of 2012) at</i> d) <i>Mga magulang na 60 taon pataas na hindi aktibong miyembro.</i>





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	PC 2020-0005
Title	Premium Contribution Schedule in the National Health Insurance Program (NHIP) Pursuant to R.A. No. 11223 Known as the “Universal Health Care Act” (Revision 1)

Tanong	Sagot																																
<p>Kailan magkakabisa ang Circular na ito?</p>	<p>Ang Circular na ito ay magkakaroon ng bisa kasabay ng pagkabisa ng Implementing Rules and Regulations (IRR) ng Universal Health Care Act (UHC) at ang magiging basehan ng kontribusyon ay ipinapakita ng talahanayang nasa ibaba sang-ayon na din sa nasabing IRR ng UHC Act:</p> <table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse; margin-top: 10px;"> <thead> <tr> <th style="width: 15%;">Year</th> <th style="width: 20%;">Premium Rate</th> <th style="width: 20%;">Income Floor</th> <th style="width: 20%;">Income Ceiling</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td style="text-align: center;">2019</td> <td style="text-align: center;">2.75%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P50,000.00</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2020</td> <td style="text-align: center;">3.0%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P60,000.00</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2021</td> <td style="text-align: center;">3.5%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P70,000.00</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2022</td> <td style="text-align: center;">4.0%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P80,000.00</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2023</td> <td style="text-align: center;">4.5%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P90,000.00</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2024</td> <td style="text-align: center;">5.0%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P100,000.00</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">2025</td> <td style="text-align: center;">5.0%</td> <td style="text-align: center;">P10,000.00</td> <td style="text-align: center;">P100,000.00</td> </tr> </tbody> </table>	Year	Premium Rate	Income Floor	Income Ceiling	2019	2.75%	P10,000.00	P50,000.00	2020	3.0%	P10,000.00	P60,000.00	2021	3.5%	P10,000.00	P70,000.00	2022	4.0%	P10,000.00	P80,000.00	2023	4.5%	P10,000.00	P90,000.00	2024	5.0%	P10,000.00	P100,000.00	2025	5.0%	P10,000.00	P100,000.00
Year	Premium Rate	Income Floor	Income Ceiling																														
2019	2.75%	P10,000.00	P50,000.00																														
2020	3.0%	P10,000.00	P60,000.00																														
2021	3.5%	P10,000.00	P70,000.00																														
2022	4.0%	P10,000.00	P80,000.00																														
2023	4.5%	P10,000.00	P90,000.00																														
2024	5.0%	P10,000.00	P100,000.00																														
2025	5.0%	P10,000.00	P100,000.00																														
<p>Paano kwentahin ang buwanang premium contributions ng mga direct contributors?</p>	<p><u>Para sa employed direct contributors:</u></p> <p>Sa direct contributors na mga empleyado sa pampubliko o pribadong sektor, kasama dito ang mga Kasambahay, family drivers at mga sea-based OFWs, ang kanilang premium contributions ay ku-kwentahin base sa kanilang monthly basic salary, na kokompyuting direktso sa kaukulang premium rate, na tig-kalahating tutustusan ng empleyado at ng employer.</p> <p>Sa mga empleyadong may monthly basic salary na mas mababa pa sa nakasaad na “income floor”, ang kanilang premium contributions ay ku-kwentahin base sa nakatakdang “income floor” na kukumputin direktso sa kaukulang premium rate na parehas ding paghahatian ng empleyado at ng employer. Ganoon din sa mga empleyadong may monthly basic salary na lagpas sa</p>																																





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	PC 2020-0005
Title	Premium Contribution Schedule in the National Health Insurance Program (NHIP) Pursuant to R.A. No. 11223 Known as the “Universal Health Care Act” (Revision 1)

Tanong	Sagot
	<p>“income ceiling”, ang kanilang premium contributions ay ku-kwentahin base sa nakatakdang “income ceiling” na kukumputin diretso sa kaukulang premium rate na parehas ding paghahatian ng empleyado at ng employer. Ito ay sang-ayon din sa DBM Circular No. 2019-8 (re: Employer (Government) Share to the Philippine Health Insurance Corporation Effective FY 2019.</p> <p><u>Para sa Self-earning direct contributors:</u></p> <p>Ang mga self-earning individuals na walang “employer-employee relationship”, ang kanilang buwanang premium contribution ay ku-kwenatahin base sa kanilang monthly income, na kukumputing diretso sa kaukulang premium rate, na buong tutustusan ng nasabing miyembro batay na din sa “terms of payments” at kaukulang “due dates” na itatadhana ni PhilHealth.</p> <p>Ang mga self-earning direct contributors ay kailangang magsumite ng katibayan ng kanilang kinikita, tulad ng ‘financial books/records’, o pinaka-bagong ‘BIR-received Income Tax Return’, o overseas employment contract’ o notaryadong affidavit na nag papatunay ng deklarasyon ng buwanang kita.</p>
Dapat bang patuloy na bayaran ng employer ang premium contributions ng mga empleyadong nanay habang sila ay naka maternity leave?	Oo. Dapat siguraduhin ng Employer na ang premium contributions ng mga empleyadong buntis na naka-maternity leave ay regular na naibabayad sa PhilHealth. Ito ay sang-ayon sa Department Advisory No. 01 s. 2019 of the Department of Labor and Employment (DOLE) re: “Guidelines on the Computation of Salary Differential of Female Workers During Her Maternity Leave and Its Criteria for Exemption Pursuant to Republic Act 11210 and its Implementing Rules and Regulations.”
Dapat bang mag bayad ang mga Senior Citizens at Lifetime members kapag sila	Ang mga miyembrong Senior Citizens at Lifetime na nagkaroong muli ng regular na kita sa pagiging empleyado o pagganap ng propesyon o kung saan may regular na pagkukunan ng kita, sila ay






TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	PC 2020-0005
Title	Premium Contribution Schedule in the National Health Insurance Program (NHIP) Pursuant to R.A. No. 11223 Known as the "Universal Health Care Act" (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot
ay may regular na kinikita?	kinakailangang mag-contribute muli sa Programa base sa kaukulang membership type nila.
Magkano ang babayaranang kontribusyon ng mga PWDs?	Nakatalaga sa R.A. No. 11228 na ang lahat ng kontribusyon ng PWDs na miyembro ng PhilHealth ay babayaran ng gobyerno. Para sa mga empleyadong PWDs, ang kanilang kontribusyon ay paghahatian ng employer at ng gobyerno (parte ng empleyado) base sa nakasaad na premium rates na diretsong ikokompute sa buwanang sahod ng empleyadong PWD.
Magkano naman ang dapat bayaran ng mga Kasambahay?	Isinasaad sa R.A. 10361 na ang premium kontribusyon ng Kasambahay ay babayaran lahat ng employer. Ngunit kung ang Kasambahay ay pinapasahod na ng limang-libong piso o higit pa, ang Kasambahay ay kailangan ng makihati sa kanyang employer para sa bayad ng kanyang kontribusyon.
Ano ang mangyayari kapag hindi nag bayad ng premium contributions ang mga direct contributors?	<p>Nakasaad sa batas na dapat bayaran ang premium contributions ng lahat ng mga direct contributors na may kakayanang magbayad sang-ayon sa nakatakdang premium schedule.</p> <p>Ganoon pa man, ang hindi sinasadyang pag liban sa pagbayad ng premium contributions ay hindi makaka hadlang sa pag-avail ng PhilHealth benefits, ngunit ang mga nakaligtaang premium contribution at ang incurred interest na tatlong porsyento (3%) na compounded kada-buwan ay dapat na bayaran ng employers. Ganoon din sa mga self-earning at Land-based individually paying members, ang kanilang mga nakaligtaang premium contribution at ang incurred interest na isa't-kalahating porsyento (1.5%) na compounded kada-buwan ay dapat nilang bayaran.</p> <p>Sa mga Self-earning at Land-based direct contributors, ang pagsasawalang-bahala sa final demand letter galing sa PhilHealth ay maaring makaapekto sa mga susunod na pag-avail ng PhilHealth benefits at kalaunang mahahantong sa pagsampa ng</p>



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	PC 2020-0005
	Title	Premium Contribution Schedule in the National Health Insurance Program (NHIP) Pursuant to R.A. No. 11223 Known as the "Universal Health Care Act" (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot
	<p>kaso laban sa nasabing miyembro.</p> <p>Sa mga employer na nagpabaya sa pagbabayad ng premium contributions at pag sumite ng remittance report para sa kanilang mga empleyado ay sasampahan ng kaso sang-ayon sa Section 38 ng UHC Act.</p>

